Paunawa tungkol sa Emergency na Pansuportang Ayuda (100,000 yen / Dagdag para sa Anak) para sa Sambahayang Panibagong Pinatawan ng Per Capita Rate lamang ng Residence Tax sa Piskal na Taong 2024

Bilang pagsasaalang-alang sa dagdag sa gastusin dahil sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, kasabay ng pagkakaloob ng 100,000 yen kada 1 sambahayan sa mga sambahayang pinatawan ng per capita rate lamang ng residence tax na partikular na malaki ang epekto sa panggastos ng pamilya, sa mga naaangkop na sambahayan, magkakaloob ng dagdag na 50,000 yen kada 1 anak sa mga sambahayang may batang 18 taong gulang pababa.

Ipinapadala ang paunawang ito sa mga sambahayang kandidato sa pagkakaloob sa petsa ng pagpapadala (ayon sa resulta ng pagsusuri, maaaring hindi mapagkalooban). Mangyaring tiyakin ito kasama ng mga nakalakip, at kung sambahayang tumutupad sa Mga Bagay na Panunumpaan at Sasang-ayunan sa kanang bahagi ng likuran nito, isagawa ang proseso para sa pagtanggap nang hindi lalampas sa takdang araw na nakasulat sa itaas. Kapag nagsumite ng application form, ituturing na nanumpa at sumang-ayon sa mga bagay na nakasulat sa likuran.

<table>
<tr><td rowspan="2">Sakop sa pagkakaloob</td><td>100,000 yen</td><td>Sambahayang may rehistro bilang residente sa Lungsod ng Nagoya sa <u>petsang Hunyo 3, 2024</u>, exempted sa per income rate ng residence tax sa piskal na taong 2024 ang lahat ng miyembro ng sambahayan, at pinatawan ng per capita rate ng residence tax ang kahit isa lang sa mga miyembrong iyon
Subalit hindi sakop ang mga sumusunod sa pagkakaloob:
• Sambahayang sakop sa ayuda sa mga sambahayang exempted sa residence tax sa piskal na taong 2023 (70,000 yen) at sa ayuda sa mga sambahayang pinatawan ng per capita rate lamang ng residence tax sa piskal na taong 2023 (100,000 yen)
• Sambahayang binubuo lamang ng dependiyente ng taong pinapatawan ng residence tax batay sa batas hinggil sa buwis</td></tr>
<tr><td>Dagdag para sa Anak</td><td>Sambahayang may batang 18 taong gulang pababa (ipinanganak mula Abril 2, 2006), mula sa sambahayang sakop sa pagkakaloob ng 100,000 yen
* Mangyaring tingnan ang likuran tungkol sa Dagdag para sa Anak.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Taong tatanggap</td><td>Puno ng sambahayan *Hanggang sa pag-transfer, aabutin ng <u>mga 1 buwan</u> pagkatapos maisumite ang application form.</td></tr>
<tr><td colspan="2">Halagang ipagkakaloob</td><td>1 beses lamang
100,000 yen kada 1 sambahayan + 50,000 yen kada 1 bata</td></tr>
<tr><td colspan="2">Proseso para sa Pagtanggap</td><td>1. Mangyaring sulatan ang ❶-❹ ng application form sa kanang bahagi ng papel na ito.
2. Mangyaring gupitin ang form na ito at ang application form sa <linyang gugupitan>.
3. Mangyaring idikit sa likuran ng application form ang kopya ng impormasyon ng account.
4. Mangyaring ipaloob ang application form sa sobre para sa kasagutan, at ihulog ito sa koreo. (Para sa taong nais na kinatawan ang tumanggap na may bukod pang dokumentong kailangang isumite, mangyaring huwag kalimutang ilakip din ang mga kinakailangang dokumento.)</td></tr>
</table>

< Mga Bagay na Panunumpaan at Sasang-ayunan >

*** Mangyaring siguraduhing basahin ito**

Sa pagsusumite ng application form para sa Emergency na Pansuportang Ayuda (100,000 yen / Dagdag para sa Anak) para sa Sambahayang Panibagong Pinatawan ng Per Capita Rate lamang ng Residence Tax sa Piskal na Taong 2024, nanunumpa at sumasang-ayon ako sa mga bagay na nakasulat sa ibaba.

(1) Sumasailalim ako sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Emergency na Pansuportang Ayuda (100,000 yen / Dagdag para sa Anak) para sa Sambahayang Panibagong Pinatawan ng Per Capita Rate lamang ng Residence Tax sa Piskal na Taong 2024 (Tatawaging "Ayuda" mula rito.).

(2) Walang miyembro ng aking sambahayan ang may kitang sakop sa pagpataw ng residence tax (income rate), ngunit hindi pa ito idinedeklara.

(3) Hindi ako miyembro ng sambahayang binubuo lamang ng mga dependiyente batay sa batas hinggil sa buwis ng taong pinapatawan ng residence tax.

(4) Hindi sambahayang naging sakop sa pagkakaloob ng ayuda (70,000 yen) para sa mga sambahayang exempted sa buwis sa piskal na taong 2023 o ng ayuda (100,000 yen) para sa mga sambahayang pinatawan ng per capita rate lamang sa piskal na taong 2023, at hindi rin sambahayang kinabibilangan ng dating puno ng nasabing sambahayan.

(5) Walang miyembro ng aking sambahayan ang tumatanggap ng exemption ayon sa tax treaty.

(6) Sumasang-ayon ako sa pagsasagawa ng pagkumpirma ng Lungsod ng Nagoya ng mga kinakailangang impormasyon sa Basic Resident Registration system, impormasyon sa buwis at iba pang public record, at paghingi at pagbibigay sa ibang ahensya ng pamahalaan atbp. ng kinakailangang materyales, upang suriin atbp. ang pagsailalim atbp. sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Ayuda.

(7) Kung hindi makumpirma sa mga public record atbp., isasagawa ko ang pagsusumite ng (mga) kinauukulang dokumento.

(8) Kung hindi makumpleto ang bank transfer sa account atbp. dahil sa kakulangan atbp. sa application form pagkatapos mapagpasyahan ng Lungsod ng Nagoya ang pagkakaloob, at hindi makontak o makumpirma ng Lungsod ng Nagoya sa taong tatanggap hanggang sa petsang Oktubre 31, 2024, sumasang-ayon ako sa pagturing ng Lungsod ng Nagoya na kinansela ang pagsusumite ng application form na ito.

(9) Kung napag-alaman na kasinungalingan ang mga bagay na nakasulat sa application form na ito o napag-alaman na hindi ako sumasailalim sa mga kondisyon ng pagkakaloob ng Ayuda pagkatapos ipagkaloob ang Ayuda, isasauli ko ang Ayuda.

(10) Tungkol sa personal na impormasyong nakatala sa application form na ito, sumasang-ayon ako sa mahigpit na pangangasiwa noon sa lungsod na ito, sa hindi paggamit noon liban sa layunin ng pagkakaloob ng ayuda ng lungsod na ito, at sa pagtatabi ng nasabing impormasyon sa loob ng 5 taon.

(11) Hindi ako tumanggap ng parehong uri ng ayuda mula sa ibang munisipalidad.

Paraan ng Pagsulat

・Kapag nagkamali sa pagsulat, mangyaring guhitan ng dalawang linya ang ibabaw ng maling naisulat, at saka isulat sa natitirang puwang ang wastong impormasyon.

Mangyaring basahin din ang likuran

Mangyaring sulatan ang ①〜④ ng application form gamit ang itim na tinta. Huwag gumamit ng nabuburang bolpen.

令和６年度新たに住民税均等割のみ課税となった世帯向け 緊急支援給付金（10万円・こども加算）申請書

（宛先）名古屋市長
以下のとおり申請します。

申請額

❶ 記入日 9 月 1 日

1 支給対象世帯 ※❶〜❹を記入してください（裏面あり）

No.	対象世帯員氏名	生年月日
1	名古屋　太郎	平成〇年〇月〇日
2		
3		
4		
5		
6		

世帯主（受給者）の氏名	❷ 署名（世帯主の氏名）	❸ 連絡先電話番号★忘れずに記入してください。 平日9:00〜17:00に連絡の取れる番号（できれば携帯電話番号）
名古屋　太郎	名古屋　太郎	090 (1111) 1111

2 振込先口座名義の確認

(1) 世帯主・世帯員口座の場合

3 へお進みください

(2) それ以外の口座の場合（代理受給を行う場合）

下記の者を代理人と認め、本給付金の手続・受給を委任します。

代理人氏名	代理人連絡先	世帯主との関係
		1．親族 2．法定代理人 3．それ以外

※裏面の必要書類を添付

「3」はコールセンターへ連絡

3 振込先口座情報

いずれか一つ

(1) 金融機関（ゆうちょ銀行を除く）

金融機関名	支店名	分類	口座番号	口座名義（カナ）
はちまる銀行	なごや支店	1．普通 2．当座	1 1 1 1 1 1 1	ナコﾞヤ　タロウ

(2) ゆうちょ銀行

ゆうちょ銀行	（通帳）記号		（通帳）番号	口座名義（カナ）
通帳・キャッシュカードの［記号・番号］を記入	1 2 1 1 0	/	1 2 3 4 5 6 7 1	ナコﾞヤ　タロウ

記入された口座情報（通帳等）の写しを裏面に貼付してください

事務局使用欄（記入不要）

---

1 Mangyaring isulat ang petsa ng pagsusumite.

2 Mangyaring tiyakin ang pangalan at araw ng kapanganakan ng miyembro ng sambahayang sakop sa pagkakaloob.

3 Mangyaring isulat ang pangalan ng taong tatanggap na naka-print.
* Kung tatanggihan ang pagtanggap ng ayuda, mangyaring isulat ang "Tatanggi" sa puwang para sa pirma at ipadala ito pabalik sa amin.
Mangyaring siguraduhing isulat ang numero ng telepono (kung maaari, numero ng cell phone) kung saan kayo makokontak mula 9:00 am hanggang 5:00 pm sa weekday dahil maaaring tiyakin namin sa telepono kapag nagkaroon ng kakulangan at iba pa sa impormasyon sa application form.
Kung cell phone, maaari ring magpadala kami ng text message.

4 Kung nais na kinatawan ang tumanggap, mangyaring isulat ang pangalan ng kinatawan, relasyon sa puno ng sambahayan, at numero ng telepono kung saan makokontak ang kinatawan mula 9:00 am hanggang 5:00 pm sa weekday.

[Taong maaaring tumanggap bilang kinatawan]
1. Kamag-anak
2. Legal na kinatawan (tagapag-alaga ng nasa hustong gulang, tagapangasiwa o may-takdang tagapag-alaga)
3. Iba pa (taong nakipagkasunduan para maging kinatawan ng mismong tao (samahan ng tagagarantiya atbp.))
* Kung nais na kinatawan ang tumanggap, kinakailangan ang ID ng kinatawan (insurance card o certificate, lisensya sa pagmamaneho atbp.), at pagsusumite ng dokumento kung saan makukumpirma ang relasyon sa taong tatanggap.

* Sa [3. Iba pa] na nakasulat sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa call center (☎050-3135-3260).

5 • Sa account para sa pag-transfer, mangyaring isulat ang account ng "pangalan ng miyembro ng sambahayang sakop" sa "1 sambahayang sakop sa pagkakaloob" o ng taong kinilala bilang kinatawan sa "2 pagkumpirma ng pangalan ng may-ari ng account na patutunguhan ng ita-transfer."
• Mangyaring ilakip sa likuran ng application form ang larawan atbp. ng passbook o bank card, o net banking kung saan makukumpirma ang pangalan ng may-ari ng account, pangalan ng pinansyal na institusyon, pangalan ng branch, klasipikasyon, at numero ng account.

(1) Pinansyal na institusyon (liban sa Japan Post Bank o Yucho ginko)

(2) Japan Post Bank



この印刷物は、古紙パルプを含む再生紙を使用しています。